

SOLIDÁGRO

ANTO Sa YUGTO Ng PANDEMIKO

Abiva/ Alipio/ Camba/ Damaso/ Diokno/ Ekis

Feje/ Linares/ Lobos/ Lubag/ Rosario/ Santos



Tinipon ni R.B. Abiva

SOLIDÁGRO

Anto Sa Yugto Ng Pandemiko

Abiva/ Alipio/ Camba/ Damaso/ Diokno/ Ekis
Feje/ Linares/ Lobos/ Lubag/ Rosario/ Santos

Tinipon ni R.B. Abiva



SOLIDÁGRO, Anto Sa Yugto Ng Pandemiko

Karapatang-ari © 2020 ng mga kontribiyutor at ng Samahang Lazaro Francisco

Unang Lathala

Abril 2020

Siyudad ng Cabanatuan

Lalawigan ng Nueva Ecija

Republika ng Pilipinas

Reserbado ang lahat ng karapatan. Walang bahagi ng librong ito ang maaaring gamitin kapag walang pahintulot mula sa pabliser at sa mayhawak ng karapatang-ari, maliban kung kailangang sipiin sa pagsusuri at pagsasaliksik pang-akademya.

Pangkabuuang Disenyo: R.B. Abiva

Tagapangisawa Ng Rekurso: Mildred G. Abiva

Mga Imahen Sa Pabalat At Loob: R. B. Abiva at Jerwyn V. Labagnoy

Dibuho Ni Kristo Ng Paggawa: Boyet De Mesa

Sa alaala ni Vazzil Francois(+),
sa libu-libong nasawi dahil sa COVID-19,
at sa mga manggagawang pangkulusugan na hindi nagdalawang isip
na paglingkuran ang sambayanan
at sanlibutan.



“Tungkulin ng bawat artista (at manunulat) ang tumugon/ tugunan
ang kaniyang (kanilang) panahon.”

–**Lino Brocka**, *National Artist for Film*

PANIMULA

Magandang araw!

Batid ng lahat na malaganap ngayon sa buong daigdig ang COVID-19.

Hindi na ito bago sa kasaysayan ng daigdig. Noong 1340, sa Europa'y kumalat ang tinatawag na Black Death o Bubonic Plague. Ayon sa mga historyador, halos 400 na taon nanalasa ang nasabing sakit. At hindi rito nagtatapos. Taong 1918, pagkatapos ng Unang Digmaang Mundiya, ay muling lumaganap ang isang pandemiya na higit na malakas sa Black Death. Ito ang Spanish Plague. Tinatayang noong 1920 ay umabot sa 50-100 milyon katao ang nasawi.

Sa kabilang banda, habang tayo'y nasa yugto ng Enhanced Community Quarantine, minabuti naming tipunin ang aming mga akda. Ang pangkalahatang layo'y maipakita, sa anyo ng tula, ang aming simpatya sa sambayanang Pilipino, sa santinakpan, at sa mga may mabubuting budhi na lingkod-bayan.

Ito ang ibig sabihin ng solidágro, solidaridad, pagbibigkis, o fraternidad.

Isa pang layunin ng kalipunang ito ay mapanatiling buhay ang pagiging malikhain ng mamamayan. Maisasalba lamang ito sa kumunoy ng buryong kung mapapanatili natin ang tradisyon ng pagbabasa, pagsusulat, at pakikisangkot. Kitang-kita naman ang maraming manipestasyon sa social media. Tandaan na mamamayan ang wika nga'y tagapaglikha ng kasaysayan.

Sa koleksiyong ito'y nagsama-sama ang mga makatang mula o nagmula sa magkakaibang istilo, tradisyon, lente, tensiyon, at intensiyon upang bigyan, kahit papaano, ng mukha ang kasalukuyang personal at indibidwal na danas ng bayan at lipunan. Halu-halong kalamay wika nga. Pero ganito naman dapat. Sa yugtong tila nasa harapan na natin ang pintuan ng langit at impiyerno'y wala tayong aasahan kundi ang lakas ng bawat isa.

Mahalagang makita at mabatid sa malikhaing pagtatala na ito hinggil sa kung paano tinugunan o tinutugunan (ng makata) ang tugon ng pamahaalan, ng pribadong sektor, at ng mamamayan ang pandemya.

Nawa'y hindi tayo malulong sa pantasya ng social distancing. Sa panahon ng krisis, higit nating kailangan ang social solidarity. Ang nauna'y walang ibang ibig sabihin kundi ang magkanya-kanya. Habang ang huli'y higit na pagkakaisa. Magkaibang-magkaiba.

Nais kong magpasalamat sa mga Makata ng Bayan na sina Christobal Alipio, Arlan Camba, Ryan Damaso, Joshua Diokno, Juan Ekis, Andyleen Feje, Jenny Linares, Marvin Lobos, John Christopher Lubag, Renz Rosario, at Domingo Santos sapagkat hindi nila binigo ang tawag ng panahon.

Hindi ko na pahahabain pa ang aking litanya. Kayo na ang humusga sa mga obrang naririto kung natugunan ba nito/nila ang pangangailangan ng panahon.

Muli, isang malaya, ligtas, matatag, at puno ng pag-ibig at pananalig sa kapwa na pagbabasa.

Mabuhay ang Sambayanan!

Mabuhay ang Solidágro!

R.B. Abiva

11 ng Abril, 2020

Bayan ng Magbubukid

NILALAMAN

R.B. ABIVA

<i>Dasal Sa Paghuhugas Ng Kamay (Maaaring Awitin sa Himig Pasyon)/</i>	19
--	----

CRISTOBAL ALPIO

<i>Landas/</i>	32
<i>Tuyo/</i>	34
<i>Marami Pang Tula Ang Nais Isulat/</i>	35
<i>Ang Virus/</i>	36
<i>Apò Apò/</i>	37

ARLAN CAMBA

<i>Pobre/</i>	41
<i>Pektus Ng Bayrus/</i>	43
<i>TANAGA COVID-19</i>	45

RYAN DAMASO

<i>Butil Ng Pag-asa/</i>	52
<i>Paggawa Ng Biloy/</i>	53
<i>Kwartina At Kinarsel Na Bukid/</i>	54
<i>RTL/</i>	56
<i>Pandemya Ng Kahirapan/</i>	57

JOSHUA DIOKNO

<i>Quarantine/</i>	60
<i>Pasasalamat Sa Apat Na Kanto/</i>	61
<i>Rehas/</i>	64
<i>Sa Hinaharap, May Liwanag/</i>	65

JUAN EKIS

<i>Quarantine/</i>	68
<i>Travel History/</i>	70

<i>XL/</i>	72
ANDYLEEN FEJE	
<i>Pananapat Sa Siyudad/</i>	75
<i>Madaling Araw/</i>	77
<i>Kung Ito Man Ang Huling Liham Na Makakarating Sa 'Yo/</i>	78
<i>Sa Unang Gabing Hindi S'ya Umuwi/</i>	79
<i>Sintomas/</i>	80
JENNY LINARES	
<i>Babae Sa Panahon Ng Pandemiko/</i>	84
MARVIN LOBOS	
<i>Mga Berso Sa Bartolina/</i>	89
<i>Kuwadradong Langit/</i>	92
<i>Saranggola/</i>	94
JOHN CHRISTOPHER LUBAG	
<i>7 Days of Creation of a Fascist/</i>	99
<i>Ang Mga Kerubin/</i>	101
<i>Agwat/</i>	102
<i>Desap/</i>	103
<i>Epidemya/</i>	104
RENZ ROSARIO	
<i>Villanelle Sa Panahon Ng COVID-19</i>	
<i>Silang Di Maasahan (sa pambansang gobyerno)/</i>	107
<i>Silang Inaasahan (sa frontliners)/</i>	108
<i>Silang Walang Makain (sa mga taga-Sitio San Roque)/</i>	109
DOMINGO SANTOS	
<i>Kiko Balagtas Baltazar/</i>	113
<i>COVID o COpit?/</i>	114
<i>COVID19 (Parusa o Paalala?)/</i>	115

<i>Kung Sakali.../</i>	116
<i>Silang Mga Buwis-Buhay/</i>	117





Si RENE BOY ABIVA/ RBA ay tubong Bayombong, Nueva Vizcaya. Nagtapos siya ng elementarya sa Bonfal Proper Elementary School, sekondarya sa Aritao High School, at kolehiyo sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas (PUP) at kasalukuyang kumukuha ng MA–Malikhaing Pagsulat sa UP–Diliman. Nagsusulat siya ng tula at maikling kuwento sa wikang Iloko at Filipino. Siya rin ay musikero, mang-aawit, iskultor, at pintor. Na-eksibit na ang kanyang mga pinta noong Hulyo 2016 sa UP Bulwagan ng Dangal.

Nakatanggap na siya ng apat na Writing Fellowship Grants: 58th University of the Philippines National Writers Workshop (Tula), 11th Palihang Rogelio Sicat –Maikling Kuwento (UP Diliman), 6th Cordillera Creative Writing Workshop –Tula (UP Baguio), at 9th Pasnaan– Jeremias A. Calixto Ilokano Writers Workshop –Daniw (Mariano Marcos State University).

Siya ang awtor ng *PALTIING: Mga Piling Tulang Prosa* (Southern Voices Printing Press, 2020), *Kapatiran Ng Bakal At Apoy: Mga Piling Maikling Kuwento At Dagli* (Pantas Publishing, 2020), *PO(E)(LI)TIKA: Mga Tula* (MRC Printing Press & Publications, 2019), *Agaw Agimat: Parnaso Ng Isang Bilanggong Politik* (Pantas Publishing, 2019), at *Tuligsa at iba pang mga tula* (Pantas Publishing, 2018).

Naging kontribyutor din siya sa mga antolohiya gaya ng *Tagnawa Series 4– Daniw* (GUMIL– Filipinas, 2020), *Stop That Dam(n)* (Liga Ng Mga Kabataang Propagandista, 2020), *Kartilya: Lives & Struggles of BPO Workers Collected In Literature* (AUX, 2020), *BASAG: Modernong Panitikan Ng Mga Kuwentistang Wasak* (Literati, 2020), *Inkwentro: Antipasista* (Ugat Lahi, 2019), *AKDA: Volume 5* (Kamandag, 2019), at *Hulagpos* (Selda, 2016).

Isa siya sa mga patnugot ng SARO I, 2, at 3: Pampanitikang Diyornal Ng Samahang Lazaro Francisco (2019), at librong *Pandayan ng Paninindigan: Pagbisita at iba pang mga tula* (Ascent, 2019). Literary columnist siya sa Pinoy Weekly.

Nalathala na rin ang kanyang mga tula sa Liwayway, Bannawag, Diliman Review, Agos–SWF, Tinig Ng Plaridel– UP, Katitikan: Literary Journal of the Philippine South, Kasingkasing Press Poetry Magazine, Titik Poetry, Novice Magazine, Tawid News Magazine, Philippine Collegian UP– Diliman, Pinoy Weekly, Bulatlat, Northern Dispatch Weekly, Manila Today, Koda, PinoyReporter, Arkibong Bayan, Hiyaw, at marami pang iba.

Nakatanggap na rin siya ng pagkilala mula sa GUMIL– Filipinas (Gunglo Dagiti Mannurat Nga Ilokano, Inc./ Ilokano Writers Association of the Philippines, Inc.) bilang PASNAAN 9 Outstanding Fellow, at

Natatanging Pagkilala mula sa Samahang Lázaro Francisco, Lázaro Francisco Cultural Heritage Association, at Masonic Lodge 53. Nahirang din siyang 9th Pinduteros Readers' Choice Awardee for Poetry (2019) ng HR.Online Philippines at ng British Embassy–Manila.

Nagwagi na rin siya ng Ikalawang Gantimpala sa 5th Saniata Prize–Ilocano Poetry (2019), Unang Gantimpala para sa Poetry Slam Recital Duet ng UP Likhaan (2019), Ikalawang Gantimpala sa 8th Pinduteros Readers' Choice Award– Poetry (2018), naging Finalist sa 1st (2018) at 2nd (2019) Gabriela Prize Poetry Contest ng Imnas & Iway Publications, at Unang Gantimpala sa BJMP Regional Literary Contest–Short Story Category (2016).

Miyembro siya ng Kilometer KM 64 Writers Collective at ng Concerned Artists of the Philippines (CAP). Itinatag niya ang Samahang Lázaro Francisco (SLF), samahan ng mga manunulat na nakabase sa Gitnang Luzon. Ikinararangal niyang maging isang Kandidatong Kasapi ng KATAGA– Samahan Ng Mga Manunulat Sa Pilipinas, Inc.

Mabibili ang kanyang mga katha sa National Bookstore, Popular Bookstore, UP Bookshop, at Mt. Cloud. Habang maaari namang matagpuan ang libro niyang Agaw Agimat sa National Library of Australia.

Nagsilbi na rin siyang inampalan sa mga palihan sa malikhaing pagsulat gaya ng Palihang Lázaro Francisco at Palihang KATAGA–QC.

DASAL SA PAGHUHUGAS NG KAMAY

(Maaaring Awitin sa Himig Pasyon)

Tugon ng Bayan.

Oh Santa Corona
Kasantusantusang pintakasi ng tadhana
Na ipinapatay sa puno ng palma
Ni Aurelius sa Roma-Syria
Dinggin mo nawa
Ang dalangin naming mga aba
Kaming bago ka pa
Sumingaw sa ibabaw ng lupa
Ay malaon nang duhagi-kawawa
Sa palad ng mga mang-aalipusta.

Unang Panalangin ng Bayan.

Nawa'y ang mga alagad ng medisina
Ang mga nars at siyentista
Na ubos kayang pinupuksa
Ang sakit na buhat pa sa Wuhan, Tsina
Ay mailayo sa sakit na malubha
Sa sakit na 'di nakikita
Sa sakit na ngayo'y kumitil na
Ng daan-daan at libu-libo na
Gaya na lamang sa
Lombardy sa Italya
At Madrid sa Espanya;
Oh kaawaan mo nga sila
Silang mga nagtitiis sa
Yamutmot na pantakip sa ilong-bunganga
Silang sektor na tila
Taun-tao'y nililimot na;

Nawa'y ang kamatayan ay hindi sa kanila
Kundi sa iilang diyus-diyosan sa balat ng lupa
Na lulong sa kahalayan, kapangyarihan, at kuwarta
Ah silang lango sa pantasya at pagnanasa
Manalangin tayong mga aba.

Tugon ng Bayan.

Oh Santa Corona
Kasantusantusang pintakasi ng tadhana
Na ipinapatay sa puno ng palma
Ni Aurelius sa Roma-Syria
Dinggin mo nawa
Ang dalangin naming mga aba
Kaming bago ka pa
Sumingaw sa ibabaw ng lupa
Ay malaon nang duhagi-kawawa
Sa palad ng mga mang-aalipusta.

Ikalawang Panalangin ng Bayan.

Nawa'y ang mga magbubukid na
Gulugod ng hikahos na bansa
Na ubos kayang nililinang ang mga biyaya
Ng pinitak at kaingin at nang sustansiya
Ay umabot sa dulang hanggang sikmura
Silang mula pagkabata
Ay binusog ng kung hindi okra
Ay saluyot, malunggay, katuray, kalabasa
Kaning lamig at kung anong tira,
Inyo pong patatagin ang kanilang pananampalataya
Na gaya sa puno ng niyog at akasya
At pananalig sa kapangyarihan ng pakikibaka;
Amin na rin pong hinihiling mahal na santa
Kay San Isidro Labrador Ng Mga Kawawa

Na pandayin ang kanilang kuta
At sila'y ilayo sa sakit na malubha
 Sa sakit na kung sana'y nakikita
Lamang ng mukating mata
Ay sa talim ng kanilang itak ay tiyak mapupuksa
 At 'di na kikitil pa
 Ng buhay gaya sa makamandag na
Ulupong o baliw na aso at baka
O hindi nabubusog na uod at sawa
 Manalangin tayong mga aba.

Tugon ng Bayan.

Oh Santa Corona
Kasantusantusang pintakasi ng tadhana
 Na ipinapatay sa puno ng palma
Ni Aurelius sa Roma-Syria
Dinggin mo nawa
 Ang dalangin naming mga aba
 Kaming bago ka pa
Sumingaw sa ibabaw ng lupa
Ay malaon nang duhagi-kawawa
 Sa palad ng mga mang-aalipusta.

Ikatlong Panalangin ng Bayan.

Nawa'y ang mga manggagawa
Ng bansang kinuba
 Ng patung-patong na utang mula
Pa noong kuno'y makalaya
Sa mga kuko ng Kastila
 Subalit ngayo'y sakmal sa leeg-dila
 Ng bansang Amerika
Ay lalong manalig sa kanyang tadhana
Na sila

At sila nga
Sapagkat wala
Namang iba
Na hukbong magpapalaya
Sa lahat ng mga bansa;
At 'di santuhin nawa
Ng kanilang maso sa paggawa
Ang estadong mala-corona;
Huwag sana
Silang padaig sa gutom at pangamba
Hirap, kamatayan, at pagdududa;
Magagap sana nila
Na ang kanilang kaluluwa
Ay kailangan ding makalaya
Sa pakaw ng mga tanikala
Yaong papalapit na rin pala
Ang Pandaigdigang Araw ng Paggawa
Mahal na pintakasi ng mga aba
Nawa'y ilayo mo sila
Sa kumunoy ng gayuma
At balon ng salamangka
Manalangin tayong mga aba.

Tugon ng Bayan.

Oh Santa Corona
Kasantusantusang pintakasi ng tadhana
Na ipinapatay sa puno ng palma
Ni Aurelius sa Roma-Syria
Dinggin mo nawa
Ang dalangin naming mga aba
Kaming bago ka pa
Sumingaw sa ibabaw ng lupa
Ay malaon nang duhagi-kawawa
Sa palad ng mga mang-aalipusta.

Ikaapat Na Panalangin Ng Bayan.

Nawa'y ang mga may mabubuting budhi
Na kung tawagin ni Marx ay Gitnang Uri
 Ay lalo mong pag-alabin nang 'di maghunos-dili
Na ibahagi ang kanilang rekurso maging ang sarili
Silang pag-asa ng bayan ni Rizal at Mabini
 Na kung magsunog ng kilay ay katangi-tangi,
 Silang mga guro na puyat lagi
Pagkat panay ang *lesson plan* kahit gabi,
Silang mga Madre at Pari
 Na kung magmuni
Ay kasama yaring nakakarami,
Silang mga maliliit na negosyante
 Na kung tumulong ay ga-balde,
 Silang mga tapat na kawani
Ng pamahalaang ngayo'y pinuputakti
Ng puta-putaking agnas nang puri
 Sapagkat madalas mang- Wow Mali,
Silang mga tuwid na manananggol ng api
Na kung sumanggalang ay walang kali-kalipi,
 Silang ang konsensiya'y gising ayaw sa dumi
 Na minsa'y napatunayan nang kaanib-tapat sa lunggati
Ng marami
Nawa'y iadya mo sila tukso ng salapi,
 Layaw, at kaisipang mapanghati
Nang kasaysaya'y 'di maulit muli
Manalangin tayong mga aba.

Tugon ng Bayan.

Oh Santa Corona
Kasantusantusang pintakasi ng tadhana
 Na ipinapatay sa puno ng palma

Ni Aurelius sa Roma-Syria
Dinggin mo nawa
 Ang dalangin naming mga aba
 Kaming bago ka pa
Sumingaw sa ibabaw ng lupa
Ay malaon nang duhagi-kawawa
 Sa palad ng mga mang-aalipusta.

Ikaanim Na Panalangin Ng Bayan.

Nawa'y mahimasman na sa wakas
Ang mga lingkod bayang asal ahas
 Na kung halalan akala mo'y 'di aatras
Kulang na lang ay wakwakin ang dibdib nang puso kunong wagas
Ay makita ng bayang gutom-uhaw sa katas
 Ng patak ng ulan, mantika, ni sa bulok na sibuyas;
 Nawa'y inugaog ng *COVID-19*
Ang araw nilang madalas kung gugulin
Sa *jamming, touring, at malling*
 Sa mga bansang yayamanin,
O ng gabi nilang taimtim
Na kung 'di man katabi sa dilim
 Ang ligal nilang kasiping
 Ay si Kulasisi naman ang humahalingling
Na panay ang iri-tuwad-tihaya-walang daing
Buong-buo ang pagpapa-angkin at pagpaparaya
 Sapagkat tiyak pagputok ng umaga
Maliban sa may bagong *Toyota*
Na sa parke'y nakaparada
 Ay mayroon pang naka-ipit na kuwarta
 Kung 'di man sa kanyang bulsa
Kung 'di man sa ibabaw ng unan kung saan sila
Nagparaos ng kasalanan at ligaya
 Ay sa bangko sa may abenida
 Manalangin tayong mga aba.

Tugon ng Bayan.

Oh Santa Corona
Kasantusantusang pintakasi ng tadhana
 Na ipinapatay sa puno ng palma
Ni Aurelius sa Roma-Syria
Dinggin mo nawa
 Ang dalangin naming mga aba
 Kaming bago ka pa
Sumingaw sa ibabaw ng lupa
Ay malaon nang duhagi-kawawa
 Sa palad ng mga mang-aalipusta.

Ikaanim Na Panalangin Ng Bayan.

Nawa'y ang mga mananampalataya
Sa Diyos ng mga Hudiyong dala
 Ng mga konkistador noong Kastila
Ngunit tinalo ng magiting na Rajah
Lapu-Lapu sa isang Dakilang *Batalla*
 Sa pasigan ng kaniyang isla
 Ay mag-isipi-isip na sana
Ay gawing modelo ang isang bata
Na Samaritanong matulungin-mapagpakumbaba
 Na 'di ipinagkait-ipinagkaila
Ang kanyang lakas, panahon, at gawa
Kahit pa
 Walang kabayaran ni papuring ganti sa kanya
 Ni mumong patak ng duling na barya;
Nawa'y maunawaan nila
Na ang pananampalatayang walang gawa
 Ay wangis sa katawang wala
 Nang kaluluwa
Sapagkat ito'y nilisan na

Ng kanyang kaluluwa
Gayo'y maaari nang ihambing sa
Isang bulok na basura
Manalangin tayong mga aba.

Tugon ng Bayan.

Oh Santa Corona
Kasantusantusang pintakasi ng tadhana
Na ipinapatay sa puno ng palma
Ni Aurelius sa Roma-Syria
Dinggin mo nawa
Ang dalangin naming mga aba
Kaming bago ka pa
Sumingaw sa ibabaw ng lupa
Ay malaon nang duhagi-kawawa
Sa palad ng mga mang-aalipusta.

Ika-pitong Panalangin Ng Bayan.

Nawa'y gayahin ng mga bansa
Ang bansang Cuba
Bilang ehemplo ng kawang-gawa;
Nawa'y maisip nila
Na marahil ito'y isa
Sa buod ng pamana
Ni Doktor Che Guevarra
Ng Arhentina
Na lubos na kilala
Bilang internasyunalista
Na gaya
Ni Bethune ng Canada;
Nawa'y sumagi pa rin sa isip na
Ang mundo ay iisa
Subalit naririyang ang sagka

Ang paghahari ng mga imperyalista
Na sana'y maglaho na
Gaya noon sa ginawang parusa
Ng Diyos ni Abraham, ni Isaiah
Sa makasalanang bayan ng Sodoma
At Gomora
Manalangin tayong mga aba.

Tugon ng Bayan.

Oh Santa Corona
Kasantusantusang pintakasi ng tadhana
Na ipinapatay sa puno ng palma
Ni Aurelius sa Roma-Syria
Dinggin mo nawa
Ang dalangin naming mga aba
Kaming bago ka pa
Sumingaw sa ibabaw ng lupa
Ay malaon nang duhagi-kawawa
Sa palad ng mga mang-aalipusta.

Ika-walong Panalangin Ng Bayan.

Nawa'y tumimo ang panalangin na ito
Sa lahat ng uri ng tao
Sa aming bayan at sa ibang dako
Ng mundo ngayong palagian ang kalbaryo
Dahil sa kaliwa't kanang pang-aagaw ng teritoryo,
Dahil sa gutom na tagos sa laman hanggang buto,
Dahil sa utang na patuloy na lumolobo,
Dahil sa 'di pantay na mga tratado,
Dulot sa aming maliliit ay lalong pagka- agrabiyado
Kaya't biyayaan mo pa sana
Ng dagdag na dunong, lakas, kapangyarihan, at gana
Ang mga gaya ni Erickson Acosta

Na sinusuong ang panganib sa ngalan ng laya
Layuning pinag-alayan ng mga
Maraming Lacaba
At maraming Lorena.
Manalangin tayong mga aba.

Tugon ng Bayan.

Oh Santa Corona
Kasantusantusang pintakasi ng tadhana
Na ipinapatay sa puno ng palma
Ni Aurelius sa Roma-Syria
Dinggin mo nawa
Ang dalangin naming mga aba
Kaming bago ka pa
Sumingaw sa ibabaw ng lupa
Ay malaon nang duhagi-kawawa
Sa palad ng mga mang-aalipusta.

Tugon Ng Bayang Ngayo'y Naging Isa.

Siyanawa Santa Corona
Kasantusantusang pintakasi ng tadhana
Na ipinapatay sa puno ng palma
Ni Aurelius sa Roma-Syria
Pagmasdan mo itong aming pagkakaisa
At basbasan mo nawa
Ng banal mong luha
Nang sa gayo'y ang aming pakikipagsagupa
Ay humantong na
Sa pagtimbuwang ng may suot ng korona
Sa pasigan ng Maynila;
Oh tugunan mo nawa
Ang 'di mabilang na tapat na tupa

Na sa hanay ng mga dukha
Na handang magbuhos-gumugol ng makakaya
Sa ngalan ng pandaigdigang pakikibaka;
Amin ngayong itinataas ang kaliwa
Na kamao bilang tanda
Ng masidhi at bakal na pagtalima
Sa kaisahang ito naming kawawa
Ng bayang nais maging timawa;
Sa mga ngalan ng Ama
Sa mga ngalan ng Ina
Sa mga ngalan ng Anak
Sa mga ngalan ng Diwa
Siyanaawa
Siyanaawa
Siyanaawa.

31 ng Marso 2020

Bayan ng Magbubukid



Kuha ng CBHP Nueva Ecija



Si CRISTOBAL FULGENCIO ALIPIO ay kilala bilang Ambrocio Escalante Pascua at Kumander Tagay (KT). Isinilang at nakatira sa Talavera, Nueva Ecija. Nagtapos ng BSIE sa Nueva Ecija University of Science ans Technology (CLPC), at kasalukuyang guro sa pampublikong paaralan. Isang magbubukid na walang lupa, elektrisyan, manginginom, at mangingibig.

Siya ang awtor ng mga libro ng tulang *Mga Hunos sa Banos*, *Ligaw at Diga*, at *SARESA: Mga Tulang 'Di Para Sa Iyo*.

Siya ay kasapi ng Linangan ng Imahen, Retorika at Anyo (Batch BAGA-2018), at kalahok na manunulat para sa tula sa Ikalawang Palihang Lazaro Francisco (2019). Siya ang kauna-unahang kampeon sa Unang Gawad Lazaro Francisco para sa kategorya ng tula.

LANDAS

Bangon, utol malinis na ang kalsada
Na kailangan nating lakarin hanggang Talavera,
Habang bukas na ang Checkpoint ng San Rafael,
Mag-uumaga na at tayo'y lalarga.

Iyo sanang alalahaning
Ang mga paa nati'y malayo na ang narating,
Kung lakad at lakad lamang ang pag-uusapan,
Nakailang paroo't parito na ba tayo sa pilapil.

Sa linang, habang nakabuntot tayo sa kalabaw,
A! May paatras pang malakuba sa taniman;
At pasiko't sikot sa paggapas at pag-iipon,
Isama mo pa ang pagyayagyag sa bilaran.

A! utol kailangan dumating tayo roon,
Alalahanin mo ang panata natin sa pasyon;
Di tayo dapat abutan dito ng kuwaresma
Naghihintay sa atin ang Mahal na Patron.

Gaano na lang ang layo ng Talavera?
Kumpara sa Quiapo hanggang Isabela.
Naalala mo ba iyon ng magpasan tayo ng krus?
Mainit noon ang kalsada at tayo'y nangakapaa.

H'wag mong sabihing di tayo aabot,
Nakailang ahon at lusong ba tayo sa bundok—
Mula sa San Pablo hanggang sa Kalbaryo,
Tol, babalik tayo sa Durungawan pagkatapos.

Hindi ka namin iiwanan dito!
Ipapakiusap ka naming isakay hanggang sa Bulualto.

May awa ang Diyos! Hindi nila tayo babarilin.
Tumayo ka na at inumin ang gamot sa ubo.

A! Kung ayaw mo'y bubuhatin ka namin,
Iuuwi kita! di ba't ganoon din ang ginawa n'yo sa akin?
Nang ako'y minalarya sa Palanan hanggang Infanta.
Tol! paulit-ulit natin itong gagawin.

TUYO

Sapat na ang isang tuyô
Upang mabusog
Ang sikmurang kumukulô.
Isubò nang buô,
Nguyain—
Kung di ka mátiník
Ay sunud–sunorin
Ang subo ng kanin.
Kung ika'y matinik,
Sundan mo ng kaning buo–buô.
At palanguyin—
Sa limang basong tubig.

MARAMI PANG TULA ANG NAIS ISULAT

Marami pang tula ang nais isulat,
Ninana ko pang ika'y makapiling
At ating angkinin ang buong magdamag.

Ninana ko pang ika'y makapiling,
Nag-aabang tayo niyong bulalakaw
Habang nakatunghay sa mga bituin.

Nag-aabang tayo niyong bulalakaw
Sa nakasaradong salaming bintana
Ngunit di magawang hagkan kang panakaw.

Sa nakasaradong salaming bintana—
Aking nakikita, mukha mong malungkot,
Akoy narito pa't di pa nawawala.

Aking nakikita, mukha mong malungkot,
Nang magpaalam kang lalabas ng bahay
Upang iyong bilhin, pagkain at gamot.

Nang magpaalam kang lalabas ng bahay,
Lumipas ang araw hindi ka nagbalik
At naiwan akong mata ay luhaan.

Lumipas ang araw, hindi ka nagbalik—
Marami pang tula ang nais isulat,
Ngunit huminto na, puso sa pagpintig.

ANG VIRUS

Ang virus na ito'y hindi nagbubuntis
Ngunit nanganganak na sobra nang bilis,
Lumolobong lalo sa hatid-dumapit
Ng tengang-kawali't utak na may tagis.

Ang virus na ito ay palipat-lipat,
Sa mga lupalop. Kahit walang pakpak
Ito'y dumarapo, ito'y lumilipad
Sa kahit na sinong mayama't mahirap.

Ang virus sa ngayon ay wala pang gamot,
Ang pagpigil dito'y pagbubukod-bukod,
Ang ilong at bibig ay lagyan ng suklob,
Manatili lamang sa isang kubakob.

Ang virus na ito'y madaling kumalat,
Ang gustong mahawa ay huwag mag-ingat!

APŌ APŌ

Bari-bari apò!
Tabi tabi apò, baka mamatandâ,
Makikiraan po!


Sa duwende at nunò,
Nagpalaking-ari niyong matatandâ,
Bari-bari apò!

Maligno sa punò,
Multo sa simbahan, tayo'y mag-antandâ
Makikiraan po!

Engkanto sa hulò
Mga lama-lupa, hindi pa nagtandâ,
Bari-bari apo!

Atang sa ninunò,
Dapat na ibukod ito'y maging tandâ,
Makikiraan po!

Bisibis ng tabòng
May tubig o asin—ang wika ni andâ.
Bari-bari apò!
Makikiraan po!





Kuha ni Jerwyn V. Labagnoy



Si ARLAN MANALON CAMBA ay nagtapos ng AB Filipino sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas (PUP) at MA sa Marikina Polytechnic College (MPC) ng digring Master of Arts in Teaching Major in Instructional Technology.

Dalawang beses siyang nakasungkit ng Unang Gantimpala sa Pambansang Pagsulat ng Tula na inilunsad ng Pandayan ng Literaturang Pilipino Ink. (PANDAYLIPI INK.); noong 1996 at 2001.

Naging bahagi siya sa pagsulat ng ilang aklat-antolohiya ng mga tula gaya ng *Himno ng Apoy sa Gubat ng Dilim (2011)*, *PYLON: Isangdaa't Labing Isang Mga Tula Ng Mga Makata Ng PUP (2015)*, at *SAGUPA: Antolohiya ng mga Tula ng mga Makatang Guro ng Kagawaran ng Filipinolohiya ng PUP (2016)*.

Kamakailan lamang ay nangahas siyang ilunsad ang kanyang kauna-unahang koleksyon ng mga tula ang *BULOK: Antolohiya Ng Mga Tulang Nilalangaw (2019)*.

Pinalad siyang maging isa sa mga fellow ng Ika-11 Palihang Rogelio Sicat (PRS 11) na ginanap sa Lungsod ng Baguio noong 2018. Kasalukuyan siyang nagtuturo sa PUP at estudyante ng Malikhaing Pagsulat (PhD. MP) sa Unibersidad ng Pilipinas.

POBRE

Pobre ang mga matang
hindi nakakakita,
bulag sa hustisya:
sa agwat at layo
ng mahirap at maykaya.

Pobre ang mga tenga
na 'di makarinig
ng daing at hinagpis
ng bitukang nagkikiskis
sa labis na pagtitiis.

Pobre ang ilong
na 'di makaamoy
sa anghit at bantot
ng kulob na pawis,
sa laksang kamao,
maugat na bisig
manggagawa silang
pasan ang daigdig.

Pobrengr mga dila
ang 'di makalasa,
sa saklap at pait
dusa't pagkaaba;
dayukdok-ligaya
ang alsa ng masa
langsa ng duguang
pinugto ng bilang!

Pobre ang panulat
ng nagpakamanhid
sa kalagayan nilang

api't maliliit;
pobre ang panulat
nilang mapangmata,
kung milya ang layo
sa pulso ng masa!

PEKTUS NG BAYRUS

Kalaban kang 'di nakikita;
saklot ang biktima
ng hawa-hawang sintoma
ng lagnat, ubo, hirap sa paghinga
hanggang sa saklutan,
kamatayan; pandemyang
kumalat sa balat ng mundo;
mula sa lupalop
ng nagising na dragon;
nagbuga, apoy na 'di makita ng mata
ang tumupok sa katawang
mahina ang resistensya.

Anong itinuturo mo?
salansan ng laksa-laksang
patay na katawan,
libu-libong pinaghihinalaang
kinapitan ng lason mo't bangis
ang tinutugis ng walang
pinipiling pagpuksa;
at ngayo'y pinapatay ng buryong
ang kinapon naming laya
nang kusang ikulong ang sarili
sa tahanang naging kumpisalan
ng aming pangamba at takot,
gapang ng hilakbot
ang kabadong dibdib
habang tinitingnan ang hinaharap
kung paanong lamukutin ng gutom
ang pagwawala ng bituka.

Nagpakulong kami upang makatakas
ngunit 'di sapat,

kaligtasang abot-kamay ng paglayo;
distansya ang unang panuto,
pagpugto, tanikala ng pagkahawa;
hindi maalis ang pangamba,
malayo man ang distansya
iisang hangin pa rin
ang ating hinihinga!

04/12/2020

TANAGA COVID 19

1. FRONTLINER

Utang namin ang buhay
Nakaputing sundalo
Tatag ng inyong hanay
Sa bayrus at mikrobyo.

2. FACEMASK

Humatsing sa harapan
Bumahing sa likuran
Kung sino ang tamaan
Kaway kay kamatayan.

3. UTOT

Mabuti pa'ng umutot
Utot man ay mabandot
Huwag lang ang umubo
Iiwasan ng tao.

4. MIKROBYO

Lutong ng kanyang mura
Ay mikrobyo sa bibig
Mas masahol sa COVID
Pangmamata sa masa.

5. RALLY

Nagugutom ang tao

Galit ay nagsilakbo
Tumugon ang pangulo
Mga putang ina n'yo!

6. SAN ROQUE

Dito nga po sa amin
Sa bayan ng San Roque
Kami ay sinalbahe
Sa panahong may peste!

7. COVID LOVE

Nasaan ang pag-ibig
Sa panahon ng COVID
Bantang ipabilibid
Naghasik ng ligalig.

8. HIGIT SA BAYRUS

Espasyo ang manggulo
Sa bantang mag-Martial Law
Ang panakot sa tao
Papatayin ko kayo!

9. CHECKPOINT

Ang harang sa kalsada
Walang sinantong sita
Kung sino ang pumalag
Patikimin ng kaldag.

10. BUKBOK

May bukbukin na buhong

Butas ang pagmumukha
Kinukutkot ang dunong
Ng pulbura at bala.

11. NGIPIN

Nanggigigil sa ngipin
Ang mukha na bukbukin
Nambato ng insult
Sa kagat ni Chel Diokno.

12. KOKOTE

Virus na ang pangulo
Toxic pa ang senado
Ang kokote ni Koko
Urat ng pagkabobo.

13. ANG MATAPANG

Istilo ng matapang
Bunganga na maanghang
Sa virus ng lumaban
Halatang walang alam.

14. COPIT 19

Papatayin sa gutom
Ang bayang walang imik
Tuloy ang pandarambong

May ganansya sa COVID

15. TESTING KIT

Test mo ko, i-test kita
Sa testing kit may kita
Testingin n'yo ang masa
May protest sa kalsada.

16. SARDINAS

Pinaapaw sa sabaw
Nang ang sauce ay lumabnaw
Pinaapaw sa bahaw
Malabnaw na ang tanaw.

17. LOCKDOWN

'Di naman inuubo
Ngunit 'di makahinga
Katawa'y trinangkaso
Sa butas nang bulsa.

18. CREMATION

Na'ng apoy ay magutom
Sinalang ka sa pugon
Nang matapos lumamon
Abo kang ikinahon.

19. LEFTIST

Nasa'n ang 'yung COMPASSION

Sa kinawawang NATION

Ang sigaw: RESIGNATION

Or else ay REVOLUTION!



Kuha ni Jerwyn V. Labagnoy



Si RYAN DELA ISLA DAMASO, ang edad ay hindi pa lumalagpas sa kwarenta, ay Anak ng Nueva Ecija at mula sa liping magsasaka.

Nag-aral sa mababang paaralan hanggang sa hindi natapos na kolehiyo sa Munoz Nueva Ecija na ngayoy tinatawag na Lungsod Agham ng Pilipinas.

May tatlong anak at may butihin, mabait, at maunawaing asawa. Kasalukuyang development worker bilang Area Coordinator ng isang NGO sa Gitnang Luzon kasama ang Pangasinan, ang Magsasaka, Siyentipiko para sa Pagunlad ng Agrikultura o MASIPAG.

BUTIL NG PAG-ASA

Gumuguho na parang mga bato sa pagitan

ng mga matatarik na lambak

(gaya ng mga butil ng palay na isinusubo sa kiskisan)

niyuyugyog ng mga lindol at awit ng pagkakaisa

(gaya ng mga bagong talop na palay na pinasada sa pabayuhan)

ang mga bagong hulog na kiniskis na butil sa mulinong hinulma

(gaya ng mga bagong butil na maingat na isinasako sa sisidlan)

pinagtiisan ng laksang pawis at dugo ng inaping magsasaka

(ipinunla, itinanim, inani na matyagang inalagaan sa loob ng ilang buwan)

sasayad sa lalamunang anakpawis, lalagot sa nakakadenang bukid

(kung ito ay organiko na malayang barayti ng binhi ay hindi magdudulot ng pasakit na utang)

PAGGAWA NG BILOY

Magkasabay hinugot ni Inang ang puruling itak
At ang sisidlang habi ni Amang sa kawayan
Tahimik siyang lumusong sa masukal na bakuran
Tinunton ang mga dahilig, sapa, at karayan
Narating ang tanimang maayos na nakasalansan
Mga balinghoy na mayabong may madadahong luntian.

Iminuestra pa niya kung paano bubungkalin
At kung paano maingat na huhugutin at saang bahagi tatagain
Ang kamoteng ilang na sa gatay maglalambing
Itinabi sa sisidlan pagkakuway babalatan
Itinudling ang pirasong 'di pa pakikinabangan.

Natapos ang paghahanda sa latang butas na gadgaran
Nang maluto'y inaamoy at ang lasay sinasamsam
Pinahiran ng latik sa bao at sabik na pinan-takam
Iniabot sa aking palad bilot ng dahon ng sagingan
Sumang Balinghoy na gawa sa bukid sa de-kahoy na pinangkalan
Sa pisngi kong kaliwa't kanan biloy ko ay napagmasdan.

KWARTINA AT ANG KINARSEL NA BUKID

Napatunayan ko na pareho ang baligho sa katarungan
Gaya ng pagkakapare- pareho ng mga araw sa isang linggo
Lalo na ngayong naka-lockdown at kwarantina tayo
Sabihin mo nga na iba ang Sabado sa Martes
Oh ang Lunes sa Biyernes at Linggo sa Huwebes.

Pero bakit magkakaiba ang trato ng tao sa tao?
Kahit ngayong nasa kwarantina at lockdown tayo
May mararahan sa isat isa at may mararahas naman sa iba
Kinukunsinte ang kapartido habang butangero sa mga di kaalyado
Ginagamot ang mayayaman habang binabangkay ang bayan
Sabihin mo nga na iba ang due date ng Huwebes sa due date ng Biyernes.

Gaya lang din yan ng malaking kulungan.

Pare-pareho lang ang karsel, nag-iiba lang ng sukat at lalagyan
May mga kulungang ang mga tao ay nasa loob
Habang may mga kulungang ang mga tao ay nasa labas
Ang isa'y napapalibutan ng pader, barbwire, at bakal na rehas
At ang isa nama'y sinisindak ng armas- de- salon ng naghaharihan.

Pero gaya ng iba, ibahin man ang katawagan,
Lockdown, kwarantina o masimod na bartolina
Parehong nambibihag ng ulirat at alaala
Subalit isang larangan sa pagpapatamis ng pagsinta
Nagpapalinaw ng pagkatao nagpapatapang sa sentido.

Ilagay natin ang sitwasyon sa bukid ng kanayunan
Ang mga pangarap ay piit sa dayukdok na karukhaan.

Nakaririmarim na piyudalismo sa budhi koy sumasakal
Sa lupa, sa dignidad ang kasamaa'y walang hanggan.

Nakakatakot ngayong marinig ang kuwento ng mga dupikal
Na may mga angel na umaawit sa trono nang nanggigimbal
Tukso ng mga lakayo na pandemikong tokhang
Babangkayin ang katawan alaalang luray- luray

Ipunin ko na lamang ang lahat ng siphayo
Isasanib ko sa nagdiringas nilang makabayang puso
Nang sa paglagablab nito'y tupok pati kaluluwang matubal
Bubuwal sa matataas na pader ng kwarantinang pyudal
Dadaluyong sa mga lapya mula sa isinumpang kanayunan.

RTL

Ano itong bago nilang ipinasa, kung saan RTL ang tawag nila
Ang suliranin daw naming magsasaka matutugunan at masasawata
Ngunit isa palang umang sa kamandag ng dusa
Magpapalala ng tiyak na labis sa dayukdok ng magsasaka

Ito pa lang bagong batas pag-aglahi ang madadanas
Kakarampot na sinasaknong sa tinampahang baylita
Sa utang lang mabubulid parang bulang mawawala
Libingan nati'y mapapatibay sa impiyernong pilapil ng mga patay

Hanguin na ang mga araro, isabit ng kalas-kalas
Upang kapag kuway tutunawin pati damdaming naka-rehas
Korteng balaraw, korteng punyal walang kasing-agaw ang talas
Hatulan natin sa apoy na sable de-kadenang bukid ay aalpas.

PANDEMYA NG KAHIRAPAN

Anong dungis kung pagmasdan ang mga palengkeng walang laman,
Lalo na ang mga pasyalan kung ang bata wala din naman
Namarilong ang mga kendi, sitserya, at pugunan
Hindi lang pala virus ang naririyang kundi pati ang kalungkutan

Mga kamalig nila'y walang bigas sa sikmurang umaaklas
Eskaparateng nakatumba sa botikang laman lang ay lukuting reseta
Panaderyang ginarpata walang pila sa Palawan at Cebuana
Hindi lang pala virus ang namumukha gayun ang ekonomiyang nagnanana

Dito sa aming baryo may tahimik na kuwento
Ang mga puri ay nakasanggla sa kontrang madaya
Pagkat ang aming mga lupa gapos ng utang ng bansa
Silang mga walang-awa lipos ng buwitreng timawa

Magkahawig ang pandemya sa buktot na pamamahala
Walang hikbi ang bawat atungal sapagkat ang tahan ay kamatayan
Sakdal lupit ng kinapalaran lalo't higit sa kanayunan
COVID nami'y limos ng awa kaming aping uring maglulupa.





Si JOSHUA ALEJANDRO C. DIOKNO, 34 taong gulang, ay nagtapos ng BA Araling Pilipino noong 2008 at kasalukyang nag-aaral sa ilalim ng programang MA Araling Pilipino sa Unibersidad ng Pilipinas, Diliman. Tanging ang unang labas ng Palihang Rogelio Sicat (PRS) ng Departamento ng Filipino at Panitikang Pilipinas ng Kolehiyo ng Arte at Literatura sa U.P. Diliman, ang workshop na kanyang kinabilangan.

Bukod sa pagsusulat, hilig niya rin ang pagbubuhat sa gym at mga blood sport tulad ng Boxing, Muay Thai, at Yaw Yan (Sayaw ng Kamatayan). Hilig niya rin ang pangongolekta ng komiks, action figures, at statues na hindi kayang bilhin ng sinasahod niya bilang isang Content Writer sa isang BPO company sa Makati. Kasalukuyan siyang naninirahan sa 215-A Guiho Looban sa Cembo, Makati kasama ang kanyang kapatid na lalaki, isang katrabaho, at dalawang pusang laging gutom.

QUARANTINE

Ang paglabas ay pag-anyaya sa kaaway
na hindi mo maaninag. Ang saysay
ay nasa hindi pakikihalubilo. Sa iba
ang pagkakabilanggo'y pagbalik sa mga binalewala.
ang paglikha ng sining,
pagbukas ng mga aklat,
paghabi ng mga titik,
pagkilalang muli sa mga minamahal,
pananampalataya sa Diyos. Lamang, wala
sa mga nasa kaligtasan ng apat na sulok
ng kanilang mga tahanan ang makauunawa
sa pagpapatigil sa arawang trabaho,
sa hindi pagtanggap ng sahod,
sa pagkaubos ng pagkain sa hapag,
sa pagpila sampu ng mga may-sakit
nang walang nababanaag na lunas. Ang mandato
pinipiga ang simot na; inaapuhap ang karangalan
sa mga luklukan ng hungkag. Yuyuko ang umaasa
na may paggaling sa hamak na pagsunod.

PASASALAMAT SA APAT NA KANTO

I.

Ikinukwadro ng salitang, “Salamat” ang lahat
ng nililimos: ang kaligtasan sa lilim ng bubungan,
ang 8-oras na paggawang pinahintulutan sa tahanan,
ang paghinga’t paggising araw-araw sa kabila
ng sakit na humahabhab sa matagal nang upos
at ubos. Sa isa sa mga silid na yari sa bato
na laging may ilaw, may tubig na tumutulo sa gripo,
at hindi nauubusan ng pagkain sa pridyeder,
may makapagsasabing,
“ang kahirapan ay anak ng katamaran.”
Ngunit lagpas sa apat na sulok ng sementong silid,
mayroong araw-araw na nagbibilad
tungo sa trabahong tingi lamang ang pasahod
at mayroong nagpipilit pagkasyahin
ang isang kilong bigas sa tatlong araw.
Bakit hindi sila magpasalamat sa kanilang buhay
kahit mumo na lang ang nasa hapag? Magpasalamat
na nakauwi ang kanilang may sakit sa tahanan
upang salu-salong mapaglamayan?
Ang mahalaga, magkakasama sa hiras. Ang ginhawa
para lamang sa nagsusumikap. Ang sakit na ito,
matagal nang naglalaro sa ating mga isla.

II.

Walang dapat ipag-alala.
ligtas ang lulan ng kanilang mga kotse,
may facemask at latex gloves na suot,
at hinding-hindi magtatangkang dumikit
sa ibang nagmamaneho sa mga kalsadang
walang laman. Ang kadahilanan,
magbubukas ang paboritong kapihan;

hindi dapat pagkaitan ang katawan
na laging nangangailangan. Sa Social Media
may nagpost ng siya raw ay pagod na
sa pagkain, panonood, at pagtulog. Makitid
na ang kanyang mga damit. Nilalandi
ang imahinasyon ng ehersisyo
na hinding-hindi gagawin. Ang tumulong
sa kanyang pakalmahin ang ligalig ng isip
ay ang pagtuligsa sa mga nagmamatigas
lumabas upang maghanap ng maisusubo
sa mga anak.

III.

Isa kang bayani
sa pagharap sa alanganin. serbisyo
ang laman ng isip, hindi natitinagan
kahit pa nauubuhan sa mukha,
nagpapalipas ng agahan, tanghalian,
at hapunan, at perpetwal na salat
sa tulog. Isa kang bayani
na pinagkakaitan ng armas,
pinagbabantaang sisibakin, ipahihiya
kapag iniwan ang trabaho.

IV.

Naghihilom na raw ang planeta
mula sa usok at init ng hambog
na mga sasakyan; sa mga basura
na naglalagalag sa mga ilog at estero;
sa ingay at gulo ng mamamayang
hari ng kanilang maliliit na kaharian.
Lamang, itong paghilom ay utang
sa mga namamatay na sa sakit
dahil hindi inaasikaso; utang
sa isang bansang siya ring lumilikha

ng mga pabrika at mga alipin
na walang patid sa paggawa. Ang sakit
ay nagpapasalamat sa pagbukas ng pinto
para sa kaaway. Ang paghilom
ay matamis na halakhak sa mukha
ng mga minamangmang. Ang paghilom
ng planeta ay pagbungkal ng lupa
upang ilibing ang mga nag-aararo nito.

REHAS

Rehas itong mga salita
na tinatawag nilang kalayaan
sa henerasyon ng imahen
at bidyo na tinatabas ang totoo—
lumilikha ng mga bayani
at kaaway. Ang estado
ng buhay ng bawat isa’y nakapiit
sa bubog na iskrin, dinadaliri
ng umiidolo, libog, buryong,
o ng handang kagalitan
ang ayaw unawain. Kahirapan
itong walang pagsusuri, mabangis
na diwata ng mga hinehele
ng malalamig na silid at laging puno
ang mga eskaparate ng pagkain.
Buo ang kanilang katapangan
sa harap ng tiklado, kalasag
ang elektronikong maskara,
hindi inda ang hampas at bigwas
ng panahon sa maliliit na kakambal
ang krisis mula kuna
hanggang kabaong. Ginagahasa
nang halinhinan ang lahat
sa loob ng rehas ng mga salita,
imahen, at bidyo; ang abá,
higit pa nga, hindi rin makawala
sa buhay sa labas
na lalong dambuhalang karsel.

SA HINAHARAP, MAY LIWANAG

Such is the curse of this place: if you close your eyes, it disappears.

“Geography Lesson”

– Conchitina Cruz, 2005

Upang maibsan ang takot sa sakit
na kumitil na sa buhay ng marami,
may nagpayong pumalaot tayo
sa ating kinabukasan. Sa pangarap na ito,
nakalipas na ang salot. Sa pangarap
na ito, higit daw na mas matamis ang alak,
higit na raw nating lalasapin ang katas
ng bawat pagkain. Hindi na kailangang habulin
ang takbo ng oras. Mas hihigpit pa
ang yakap natin sa ating mga minamahal.
Giya raw ang trahedya tungo sa hinaharap,
kung ipipikit lamang natin ang mga mata
sa kasalukuyan. sa sawa-
sawang pila ng mga tao na nakikipag-unahan
para sa pagkain; sa mga ospital na walang pasilidad
para sa mga walang pera. Ang mga pulitiko, diyos-
diyosang nakatatanggap ng maagang kaalaman,
wala ang banta ng hukay. Sa hinaharap,
matapos itong karamdamang walang lunas,
may liwanag, kung pipiliin lamang natin
ang pagkabulag.





Si JUAN EKIS ay isang premyadong makata, mandudula, direktor, at guro. Nagwagi ng Palanca Awards for Literature ang kanyang mga dula (Twenty Questions, Kapeng Barako Club: Samahan ng mga Bitter) at tula (Sa Pagitan ng Banal at Karnal).

Itinanghal na ang ilan sa kanyang mga dula sa Virgin Labfest sa CCP, sa Short and Sweet Festival, at sa iba pang pagtatanghal sa iba't ibang tanghalan at pamantasan sa Pilipinas at sa ibang bansa. Kasapi siya ng LIRA (Linangan sa Imahen, Retorika, at Anyo) at Writers' Bloc.

Kasalukuyan siyang nagtuturo ng malikhaing pagsulat sa Maria Montessori Children's School Foundation, pagsulat ng dula sa Actors' Prep School for Drama, at Data Storytelling sa UA&P, habang tinatapos ang kanyang PhD sa Malikhaing Pagsulat sa UP.

Mahahagilap siya online sa juanekis.com, sa twitter at IG (@juanekis) at sa fb.com/juanekis

QUARANTINE

"The entire northern Philippine island of Luzon was placed on an "enhanced community quarantine" Tuesday to contain the outbreak of the new coronavirus disease (COVID-19) in the country. "

- ABS-CBN News

Habang ipinaaalala ng barangay
na bawal nang lumabas, 'wag nang pasaway,
iniisip ko
ang iba pang ipinagbawal nating ilabas at palabasin.

Bakit nga ba nilagyan natin ng curfew
ang ating mga damdamin
nang ipagbawal natin ang umamin
sa tuwing tayo'y uumagahin?

Ano ba'ng karamdaman
ang kailangan nating pigilang kumalat
sa lawak ng ating mga balat,
sa lawig ng ating mga laman,
at sa lalim ng ating mga kaluluwa?

Bakit ba natin napagkasunduang
huwag pagsalamuhain
ang mga kanya-kanya nating kinikimkim
na pantasya ng bukas--
ang mga almusal na lulutuin ko para sa iyo,
at ang mga tanghaliang ihahain mo para sa akin,
ang mga hakang pangalan ng magiging anak,
ang kubo sa labi ng Makiling
o sa bingit ng Caliraya, o kung naliligalig tayo'y
aabot minsan sa Coron, o Panglao, basta hindi sa Maynila.

Ngayong may oras na ang paglabas,
para lamang mamili ng pagkain
(at dapat laging dala ang quarantine pass),
iniisip ko,

Aling sakit nga ba ang pinipigil nating lumaganap
noong hindi pa ipinagbabawal ang yumakap?

TRAVEL HISTORY

“Integrating travel history information into routine medical tests could help stem the rapidly widening global coronavirus outbreak.”

- The Economic Times

Pauwing Manila, mula Kuala Lumpur,
Tinanong ako ng immigration officer
Kung bumiyahe akong Japan, Hong Kong, o China
Noong nakaraang labing-apat na araw. Hindi po,

Sabi ko. Napaisip ako. Galing akong Tokyo,
Noong isang buwan. Alam naman niya siguro,
Nang buklatin niya ang passport ko
Katulad nang pagbuklat mo sa palad ko para sipatin
Kung ilan na ang naging ex ko at ilan pa ang darating.

Binuklat mo rin ang iyo at inilatag sa aking palad,
Para turuan akong magbasa ng mga guhit at lamat,
Ng mga kalyo, uka, at sugat, saka mo ikinuyom
Ang hinliliit upang makita ang mga tupi ng balat sa gilid—
Ang mga marka ng tadhana't hinaharap—
At itinuro mo sa akin kung saan mahahanap
Ang kasaysayan ng iyong pag-aapuhap ng kayakap.

Makinis man ang iyong balat, marami-raming guhit
Na tupi ang lumabas, "ito'ng lahat ng aking nakaraan,"
Sabi mo. "Ito'ng lahat ng aking pinanggalingan."
Saka mo ipinasalat sa mga daliri ko
Ang bawat Bisa sa passport ng iyong kamay:
Doha, Dammam, Dubai, Paris, Kathmandu, Guangzhou,
London, Manchester, Washington, Nairobi, Abu Dhabi,
Pagkatapos, itinuro mo ang pinakamalaki

At pinakamalalim na guhit sa huli at sabi mo, "Ito ka,
Ang huli, ang aking uuwian, ang aking Manila."

Iyon ang huli nating pagkikita bago ka bumalik sa Jinnah,
o sa Surabaya, o Bahrain, o Beijing, o kung saan man sa China.

Nabalitaan ko na lang—may tatlo o apat o lima, o isa,
Wala na akong pakialam kung ilang taon na ba—
Na uuwi ka na raw sa Manila.

Sa pagdating mo,
Ako ang immigration officer na magtatanong
Kung nagawi ka ba sa Japan, China, o Hong Kong.
Sasagot ka ng "Oo."
Dahil doon, hindi kita maaaring papasukin.
Hindi kita maaaring pauwin,
Dahil doon kumalat ang pandemic,
Tiyak na may dala kang sakit.

Saka mo bubuklatin ang palad mo para ipakita
Ang passport mong nilakipan noon ng labi ko ng Bisa
Pauwi sa iyong Manila.

XL

(O kaya'y Kwarenta sa Quarantine ng Kwaresma)

Panginoon, ang hiling ko sa aking kaarawan,
Makasakay sa arko ni Noah kasama ang katuwang
At kwarentang araw na magpapalutang-lutang
sa hele ng kulog at panaka-nakang ulan.

O kaya'y maligaw sa lawig ng disyerto
Maarawan man lang kahit ilang linggo.
Tutal naman, magkukwarenta na ako,
Ang lupang pangako, sana hindi ko kwarto.

Tutal sa Horeb mo din ako papupuntahin,
Pwede bang pababain mo rin ang iyong anghel?
At bago ninyo iextend itong aming quarantine,
Dumalaw muna siya sa amin at magpa-buffet.

Panginoon, alam kong lagi kang nakikinig.
Bakit Lent ang birthday ko, meron pang COVID?
Pero salamat po't may mga tula akong magigilit,
At ang dugo nila'y sa labas ng pinto ko ipapahid.





Si ANDYLEEN C. FEJE, mas kilala bilang Andy, ay tubong Quezon, Nueva Ecija, anak ng magsasaka na napilitang magsanla ng lupa upang hindi mabaon sa utang.

Siya ay kasalukuyang kumukuha ng Sertipiko sa Panitikan at Malikhaing Pagsulat sa Filipino, sa Polytechnic University of the Philippines (PUP). Siya ay nagtapos ng Bachelor of Arts in Language and Literature sa Central Luzon State University (CLSU). Siya ay fellow ng: Ikalawang Palihang Lazaro Francisco (Maikling Kwento), Pamiyabe19 (Tula), Ikalawang Pambansang Palihang Multi-Genre ng PUP (Dagli), at 17th Ateneo National Writers Workshop (Maikling Kwento). Kasalukuyan din siyang bahagi ng Atsara Collective, Silay Mata People's Theatre Organization, at Bahaghari – Metro Manila.

PANANAPAT SA SIYUDAD

Malamlam ang ‘yong mga mata
Nang lisanin ang pagkatagal nang
Sinusuyod-suyod na salansan
Ng mga bago’t antigong libro
Sa library ng inyong paaralan
Kaya naman ‘hinakbang
Ang ‘yong paningin at talampakan—
Binagtas ang malawak
ngunit nananatiling makipot
na kalsada. Binaybay
ang salasalabid na kawad
Ng hindi matuntong mga agwat.
Sa kapagala’y lumilim ka muna
Sa isang malapit na bangketa—
Mistulang tinapa
Ang bilad na katawan
Ng mga taong nakahiga
Sa sarili nilang libag.
Nilapitan mo ang isa.
Iyong ginawang unan
Ang luray-luray at naninilaw na libro.
Napansin ka n’ya’t agad na iniabot
Ang makukunat nang pahina. Pagkatapos
Ay agad na bumalik sa pagkakahiga’t inunan
Ang magkapatong na palad. Habang ika’y abala
Sa marahang pagbuklat—pagsisiyasat
Sa sanlibo’t ‘sang katotohanan

Na noon mo lang nasilayan.

MADALING ARAW

Dati'y paborito ko ang madaling araw
Dahil doon lang tayo nagtatagpo
Matapos ang maghapon pagkahapo
Sa buong araw na pagtatrabaho
At buong gabing pagtatalo
Ay uupo tayo sa gilid ng kama
Ihihilig ko ang aking ulo
Sa 'yong kanang balikat—
Ididikit mo sa 'yong pisngi
Ang aking pawisang bumbunan.
Wala tayong bibitawang mga salita.

Ngunit 'sang madaling araw
Ay mas pinili mong lumabas
Magpapahangin lang, sabi mo
Kaya 'wag na akong mag-abala—
'Wag na kitang sundan

Paglipas ng tatlong oras
Ay sinilip kita—
Ngunit wala ka na sa tarangkahan
Mula sa pasimano ay tanaw ko
Ang upos na 'yong tinapakan
Bago tuluyang nagpatangay
Sa malamig na hangin ng madaling araw

KUNG ITO MAN ANG HULING LIHAM NA MAKAKARATING SA 'YO

Sakaling hindi ko man
Mantunton ang daan pauwi
Ay t'yak kong araw-araw
Na may kakatok sa 'yo.

Pagbuksan mo:
Dahil lisanin man ng búhay ang katawan
Ay mananatili naman akong buháy
Sa 'yong alaala—

SA UNANG GABING HINDI S'YA UMUWI

Nakailang biling ka na
Sa parehong kama
Na taon mo nang kasama.
Hindi ka mapatda—

Kung bakit mas marahas
Ang sadsad ng katol
Sa ilong mo ngayon
Hindi mo alam

Kung bakit nakabibingi
Ang himig ng mga kuliglig

Kung bakit may dalang bagabag
Ang malamig at matigas nang papag

Dasal mo bago matapos ang gabi.
Nawa'y makahuli ng hinahon sa ligalig.
Dahil may dalang pamamahay
Ang walang katiyakang paghihintay.

SINTOMAS

Animong sipon lang kung ituring
Ang mga bumabalong na dugo't panaghoy
Ng mga maralitang kinikilala lamang
Bilang tulak at adik. Konting punas lang
Sa manggas at 'kala mo'y wala ng
Maiiwang bakas kinabukasan

Tulong hindi kulong

Habang natutuyot naman ang mga lupang sakahan
Napapaos na sa kasisigaw ang mga magsasaka—
Silang mga sinikwatan ng tirahan at kabuhayan
Nitong buwayang-buwang na nanunungkulan

Bigas hindi pandarahas

Paano ring makakakain at 'di manlalata
'Yong mga manggagawang pinangakuan
Ng kontraktuwalisasyon ngunit hanggang ngayon
Ni ayuda'y 'di man makuhang panghawakan.

Pagkain hindi paniniil

Pinipiling putulan ng paa
Ang mga anak na pawang kumakahig
Samantalang binubusalan naman ang bibig
Nilang mga sinusubok umimik

Hirap na hirap huminga ang mga anak
At lalo pa ang kan'lang ina

Daing ng mga anak ng bayan.

Inaapoy na ng lagnat ang ina
Sapagkat may iniinda s'yang
Mas malubhang karamdaman

Solusyong medikal hindi militar





Si JENNY LINARES ay nagsusulat ng iba't ibang akdang pampanitikan, teksbuk, at boluntaryo ng mga organisasyong para sa Karapatang Pantao.

BABAE SA PANAHOON NG PANDEMIKO

Sipol. Hi Ganda! Mapaglarong tawanan, nangungutya.

“Kuhanin mo ang number, bago mo paraanin.”

Sa kwarantin sa mga kalsada, ako’y alipin

Tulad ng dati, sa kanila, ako’y laruan at walang bala

Hindi nila nililingon kung saan ako nagmula.

Mula ako sa tahananang madilim na kuweba sa gabi

At bilanguan sa araw

Di na makapagtrabaho at makagalaw

Puno ng pasâ ang katawan, lamog ang kalamnan

Wala sa labas ang demonyo’t halimaw.

Sa paglipas ng mga linggo, natatakot ang marami sa pagpanaw

Habang ako’y magagalak kung sunduin ni Kamatayan

Ngunit walang nakaririnig ng aking mga sigaw.

Mula ako sa madilim na pasilyo ng ICU,

Tahimik doon, at hindi giyera—hindi gaya sa ER

Doon nagwawakas ang labanan, doon ang lugar ng pagsuko at paalam

Ako ang humahawak ng kamay ng mga mandirigma, bago bumitaw

Ako rin ang tinig sa kabilang linya, tagapagbalita ng katapusan ng buhay

At simula ng pagluluksa.

Bayani ang tawag nila sa akin sa media at Facebook

Inuubo na rin ako ngayon at kay daming himutok

Proteksiyon ko at gamit, paulit-ulit nang suot

Limandaan ang alok nilang sahod, boluntir, o puntod-

Bayani o martir? Sabagay, sina Dok, mayaman at kilala

Sa Langit na sila nagdu-duty, wala nang PUI roon.

Mula ako sa pamilihan, sa kakaunting nahingi

Umaasang makabili kahit kaunti.

Mabuti’t may mabuting loob na nag-abot

Sa amin ng barya, ako, at ang aking anak

Sa wakas may pambigas, maglalakad muli ako sa initan at manlilimos
Baka sakaling may mahabag at mag-abot ng panggatas.

Mula ako sa botika, milya-milya ang layo ko sa unahan ng pila
Tila tag-ketong ang panahon ng pandemya, hindi kami maubos-ubos
Walang nais magsalita, pinalalamig ng aircon ang aming poot
Kapag hindi Covid, wala nang ospital, di na kami magamot
Sa pagkuha ng mga kapsulang pandugtong sa sawing buhay
Natutuyo ang lalamuna't sa bulsa'y nauubos ang mahuhugot
Buntong-hininga ko ang tanging naririnig, laksan ang loob
Kapit sa patalim makabili lang ng gamot, kapit sa santo
Buhay ay huwag sanang malagot.
Mula ako sa pagkuha ng pera, padala ng kaanak
Na inutangang pikit-mata, pagkat walang ibang ayuda.

Mula ako sa taniman sa likod ng dating bukid
Nanguha ng mga ligaw na dahon, gugulayin, pagkain ng mahirap at nagtitipid
Wala, wala nang luntian sa dating gulayan
Matayog na gusali ang pumalit sa dating palayan
Ano ang kakainin, naghintay na lamang
Nang magutom kami'y nangalampag ng kaldero, lumabas sa kalsada
Kami'y itinaboy ng aking mga kasama, inaresto, kinulong, kinasuhan pa
Wala akong nasabi kung hindi, "kami ay gutom na!"
"Stay at home," ang sabi ng bantay
Tila mga bingi sila.

Mula ako sa ilalim ng tulay, iyon nga po ang aking bahay.
Wala akong anak, pamilya, o asawa.
Itong karton na ito mismo ang aking kama.
Bakit kayo nagtataka? Bakit sa presinto ako hinihila?

"Saan ka galling?" tanong ng mga gwardya ng kwarantin.

Saan nga ba galing ang babae sa panahong ito?
Saan nga ba, mamang pulis?

Hindi ko alam kung paano ka sasagutin.





Guro sa Filipino at Panitikan si MARVIN M. LOBOS sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas (PUP). Nagsusulat-sulat din si Marvin bukod sa pagtuturo.

Hiling niya lagi ay Haribol: sumalahat ang pinakamabuti at pinakamagandang kalooban.

Haribol!

MGA BERSO SA BARTOLINA

Narito Nga Kami

ngunit ang isip ay naroroon
sa mga alalahanin
ng mga hindi makaalis
at hindi makabalik.

ang mata namin ay naroroon
sa titig ng isang ama
sa daan pauwi sa pamilya;
sa mata ng isang ina
sa dadaanan
ng pauwi na nga bang asawa--
sa karagatan ng mga matang
nangingilid ang pangamba.

ang binti namin ay naroroon
sa manhid na binti ng manggagawa
sa ngalay na binti ng mga hinarang
sa naninibok na binti ng mga pinabayaan;

ang paa namin ay naroroon
sa mga paang
hindi na ata makahahakbang.

ang sikmura namin ay naroroon
sa mga sikmurang kumakalam;
at sa mga sikmura
ng naghihintay
sa mga tahanan.

ang braso namin ay naroroon

sa mga brasong napapayakap
sa kung anong natira sa kanila;
ang kamay namin ay naroon
sa mga kamay
na ngayon ay kuyom
dahil sa natitipong
paninibugho sa kanilang dibdib.

narito nga kami't nakahihiga
subalit ang likod namin
ay nasa butuhang likurang
nakatanikala sa karton at sako
na pinansasapin sa kalsada;
ang hita nami'y
nasa mga hita na nakadantay
sa gutter at sa plastik ng basura.

narito nga kami't humihinga
subalit ang pag-iral--kaming kaluluwa--
ay naroroon
sa mga kaluluwang
nilalamon ng gabi't
sinusunog ng araw.

narito nga kami
subalit itinuturo kami
ng bawat eskinita ng utak
ng bawat lansangan ng laman
doon sa lahat ng eskinita
at lansangang
kumukupkop ngayon
sa mga naiwan na't iniwan.

at hindi lamang kami
mga narito ma'y naroroon--

isang araw, sa paghupa
nitong likhang-delubyo,
kaming narito ma'y naroroon
kasama ang patuloy
na iniwan magpahanggang ngayon
ang gamot na pupuksa
sa mga ulul na panginoon!
03/18/2020

KUWADRADONG LANGIT

maliwanag ang kalawakan
sa kuwadrang langit, minsan--
umaapaw ang liwanag,
sumasabog papasok
sa bartolinang puno
ng kadiliman at usok.

payapang dagat ang alapaap
sa kuwadrang langit, minsan--
laot na sakal ng kawad,
hihip ng hangin ay hingal
sa bartolinang lunod
sa init at kasikipan.

puno ng ulap ang himpapawid
minsan, sa kuwadrang langit--
pulo-pulo man kung maglayag
mayamaya ay nagsasanib,
habang bartolina'y sakdal
sa pag-iisa at panganib.

parang bartolina rin namin ang papawirin
sa kuwadrang langit tuwing gabi--
madilim, may kakaunti ring bituin
ngunit umuuwing lagi sa umaga,
habang bartolina'y bulag na
sa kinabukasan at pag-asa.

bartolina ang kuwarantina
sa tulad naming dukha.
nilayo nga sa sakit,
nilayo naman sa kita.

kaya't sa kuwadrang langit
kami napapatingala.

saan ba kami
dapat mangamba
sa sakit na 'di makita
o sa pagkabutas ng sikmura?
03/30/2020

SARANGGOLA

patpat kang dumipa,
nagpadamit ng anumang
kanyang nakita.
hugis-diyamante nga'y
hindi kasing halaga,
kaya't may gapos ka--
sa leeg, dibdib,
kamay, at paa
at sa pisi nakatanikala.

tuod kang tinatangay
ng hangin,
sumusunod lamang
kung saanman
hilain.
sinasagi ka na ng hangin
ngunit umiindak ka pa rin,
pabulong ka tuloy kung sukatin
ng bubong
ng parang,
ng pilapil,
pati ng langit
na nais mong abutin.

at sa hatak ng iyong panginoon
masaya kang umaalagwa;
sumasayaw ka, hindi kusa,
kundi sa puwersang kanyang gawa.
sapat na sa iyong
lumutang pansamantala;
tinatawanan ka
ng hangin,

tinutuya ka
ng mga ibon.

tanikala ang pisi
ng inituring mong
panginoon
gaano man kahaba
gaano ka man maparoon.

at kung sa malas
sumabit ka
kahit sa unang
pagkakataon,
puputulin lamang
ng iyong panginoon
ang pisi
at gagawang muli
ng bagong guryon.
04/03/2020





Si JOHN CHRISTOPHER DG. LUBAG ay isang guro at manunulat na kasalukuyang naninirahan sa Bulacan. Lumabas ang kaniyang mga akda sa Facebook Page ng Kilometer 64 Writers' Collective (KM64) at Betsin-artparasites, Baga Poetry (Great Concept Publishing, Inc.), Liwayway Magazine, Katitikan (The Literary Journal of the Philippine South), Agos: Refereed Journal ng Malikhaing Akdang Pampanitikan (Sentro ng Wikang Filipino-UP Diliman), Aksyon: Mga Kuwentong Eksena sa Pelikula (7 Eyes Production, OPC), at Samahang

Lazaro Francisco (WordPress.com). Nakapaglathala na rin siya ng sariling literary zine noong nakaraang taon na pinamagatang *Kung Sakaling Huli na Ang Kanina (mga tula, kuwento, at eksena)*. Ngayon ay kumukuha siya ng Rody Vera's Online Playwriting Course at Master of Arts Malikhaing Pagsulat sa Unibersidad ng Pilipinas, Diliman. Natanggap din siya sa taong ito bilang online participant sa Ricky Lee's Scriptwriting Workshop.

7 DAYS OF CREATION OF A FASCIST

In the beginning, God created the heaven and the earth.

–Genesis 1:1

I

Nilikha ng tao ang langit at lupa
Mula sa utos nitong naging kapangyarihan.
Pagkadaka'y isinilang niya ang umaga at gabi,
At doon tinawag ang sariling Panginoon.

II

Mula sa kaibabawan ay nabuo niya ang langit,
At sa kumpas ng kamay nagsaboy ng mga ulap.
Kasunod ng paghinga niyang nagbuga ng tubig
Sa lupang ipagdaramot sa pagdating ng buhay.

III

At paglapag sa lupang bininyagang kaharian,
Pinasibol ay mga halamang tatabasin din ng bukas.
Mula sa mga damong nanganak ng mga bulaklak,
Iniluklok niya ang sarili bilang Ama niyong lupa.

IV

Matapos niyang latagan ng hardin ang kalupaan,
Kagyat nagbuntis ang langit ng silaw ng dilim.
Dito niya pinitas ang mga talulot na naging tala,
Kasabay ng dahas sa dakot-lupang buwan at araw.

V

Ngunit walang-kibo ang tubig at papawirin,
Kaya isinilang niya ang babawiin ding hininga.
At doon naglipana ang laksang ibon at isda,
Na unang sasaksi sa iaambang kamatayan.

VI

Bago magpunyagi ang kahayupan sa lupa,
Hinango niya sa putik ang hinipang mga buhay.
Isinilang ang mga baboy, buwitre, aso, at buwaya,
Na ngayon ay bukod-tangi niyang mga alagad.

VII

Sa dakong huli bago siya mamahinga,
Nilikha niya ang alipin mula sa tinipong alabok.
At doon pagkadakay nagpakilalang Panginoon.
"Hindi ito mabuti," bulong ng baguntao.

ANG MGA KERUBIN

21 protesters demanding food aid arrested in Sitio San Roque, Quezon City.

–CNN Philippines

Lumabas ang mga kerubin
sa tarangkahan ng San Roque
kahit ipinagbabawal.

Kabilin-bilinan ng Diyos,
"Huwag kayong lalabas!"

Nagsisigaw ang mga kerubin
na waring nagrerebolusyon
ang mga tiyan na walang-laman.

Kabilin-bilinan ng Diyos,
"Bawal sumigaw sa labas!"

Doon pagkadaka'y ipinasundo
ng Diyos ang nagugutom
na mga kerubin.

Kabilin-bilinan ng Diyos,
"Bahala kayo sa pagkain n'yo!"

At doon sila pinarusahan,
At saka ikinulong sa purgatoryo,
Matapos bawian ng pakpak.

AGWAT

(walang)

isang metrong pagitan
ang ina sa kaniyang anak;
gaya ng bigas at sardinas
na wala pa rin sa hapag.

(merong)

isang metrong pagitan
ang makasarili at bulag;
gaya ng ulong tumatango
at buntot na kumakawag.

DESAP

Inaral ni Flor ang uri
ng mga magsasaka
sa mga libro.

Nakuha niya
ang pinakamataas na grado.

Sumama si Flor sa uri
ng mga magsasaka
na nagtutubo.

Hinuli sila ng militar
at isinilid sa sako.

EPIDEMYA

Gabi-gabing nagbabantay
ang mga mamang de-baril
sa bawat kanto ng dating
pundidong mga kalsada.

Huwag kayong matakot.

Kagabi, natagpuang patay
ang isang magsasaka—
Tadtad ng bala.

Kalat na ang epidemya.





Si RENZ ROSARIO ay kasalukuyang naninirahan sa Quezon City at nagtrabaho sa Pasay bilang Call Center Agent. Malimit siyang nagtatanghal noon sa iba-ibang spoken word events at naiimbitahan maging hurado sa samot-saring timpalak; samantalang ngayon ay nagsusulat at kung minsan ay nagbabasa ng tula sa ilang mga pagtitipon.

Parte siya ng mga organisasyong pangkultura na Musicians for Peace, KAMANDAG, Damdaming Nakapaskil, at BAON Collective.

Nagsilbi siya bilang Ulo ng Panitikan ng QCPU – Creative Student Society, na ngayong ay QCU – LIKHA, noong siya ay nasa kolehiyo. Naging fellow siya ng Palihang LIRA 2018 at kontribyutor sa libro ng batch nitó. Naging kontribyutor din siya sa mga zine na HAYAG, Kartilya, Salamisim, Resbak, at Hapag; sa mga online publications na ALPAS Journal at Katitikan; sa aklat na AKDA.

“Ang sínúmáng humahalakhak ay hindi pa nagigimbal sa masamang balita,” paborito niyang sipi mula kay Bertolt Brecht

Villanelle Sa Panahon Ng COVID-19

SILANG DI MAASAHAN

(sa pambansang gobyerno)

Bílang ng may sakit ay lalong tumaas.
Di pa man laganap itong *virus* noon,
Ang solusyon pa rin ay huwag lumabas.

Wala ang travel ban kayâ nga nabanás
Ang may malasákit sa kapuwa't doon,
Bílang ng may sakit ay lalong tumaas.

Biglang ikinalat sa daang pangahas,
Militar na sagka't talagang ganoon,
Ang solusyon pa rin ay huwag lumabas?

Nanawagang ang *mass testing* isabatas
Ngunit hanggang ngayon wala pa ring tugon;
Bílang ng may sakit ay lalong tumaas.

Umiral ang dahas sa samot na landas
Noong sa kalsada'y uminog ang kordon,
Ang solusyon pa rin ay huwag lumabas.

Nagpatong-patong na ang kanilang ngasngas;
Sa poot ng madla ay ito ang mohon.
Bílang ng may sakit ay lalong tumaas;
Ang solusyon pa rin ay huwag lumabas.

30 Marso 2020

SILANG INAASAHAN

(sa frontliners)

Kayong nililibak ng nása tugatog,
Nagbibigay pa rin ng tulong na taal.
Dapat ipagtirik ng libong bantayog.

Ang takot at pagod sa inyo'y pumupog
At sa gumigibik agad dumadatal
Kayong nililibak ng nása tugatog.

Sa lalim ng túlog ay walang nahulog
Kayâ inyong gilás ay dapat itanghal,
Dapat ipagtirik ng libong bantayog.

Lubos na magíting sa sariling húbog,
Mula sa palengke hanggang sa ospital,
Kayong nililibak ng nása tugatog.

Di kita ang sakit na panhik-panaog,
Inyong paglilingkód ay pagtitiwakal;
Dapat ipagtirik ng libong bantayog.

Pagkatapos nitóng pandemya'y dudumog
Sa inyo ang aming tinipon na dangal;
Kayong nililibak ng nása tugatog
Dapat ipagtirik ng libong bantayog!

31 Marso 2020

SILANG WALANG MAKAIN

(sa mga taga-Sitio San Roque)

Hungkag na ang tiyan at walang makain.
Huwag sasabihing gútom ang salarin,
Kayâ nga nag-alsa nang may maihain.

Wala nang manguya maliban sa hangin
At tuwing ganito'y anong dapat gawin,
Hungkag na ang tiyan at walang makain?

Hindi nasusubo ang mga dalangin,
Bingi rin ang langit at di namamansin
Kayâ nga nag-alsa nang may maihain.

Tulong sa kanila'y tila uliánin,
Pangalawang linggo't naghihintay pa rin,
Hungkag na ang tiyan at walang makain.

Kapag tinulugan kanyang suliranin
Sa madla ay dapat itong kalampagin,
Kayâ nga nag-alsa nang may maihain!

Siláng nasasadlak at nakalambitin
Dito sa laylayan ng lipunang angkin,
Hungkag na ang tiyan at walang makain
Kayâ nga nag-alsa nang may maihain!

2 Abril 2020





Si DOMINGO S. SANTOS, 51 taong gulang, ay kasalukuyang Teacher III sa Marciano Del Rosario Memorial Elementary School, Pamaldan, Cabanatuan City, Nueva Ecija.

Natapos niya ang kaniyang elementarya sa Mababang Paraalan ng Mayapyap, sekundaryo sa Barangay Mayapyap High School, at kolehiyo sa Araullo University kung saan niya nasungkit ang kursong BSED-Filipino.

Siya ang Tagapangulong-Tagapagtatag ng Samahan Ng Mga Makatang Filipino o (SaMaFil). Regular siyang host sa isang programa sa radyo, ang *Ikaw Ang Aking Tula At Awit*, gayundin sa Pinoy Rapido Intermedia Philippines (PRIMAP) 108 FM.

Isa siya sa natatangi at ipinagmamalaking tradisyunal na makata ng Nueva Ecija.

KIKO BALAGTAS BALTAZAR

(Tulang Handog Sa Paggunita Ng Iyong Kapanganakan)

Sa araw na ito ay ginugunita
araw ng pagsilang, oh bunying Gatdiwa
ikaw na idolo'ng may paham na diwa
ikaw ang prinsipe ng mga makata.

Sa barrio Panginay, Bigaa, Bulacan
na ngayo'y Balagtas, bayang pinagmulan
ikalawa ng Abril ika'y isinilang
uno siyete otso otso, iyong kapanganakan.

Kahit maralita ikaw ay nangarap
na makapag-aral tanging hinahangad
ang maging alila'y tiniis mong lahat
hanggang pangarap mo ay iyong natupad.

Mga alaalang hindi malilimot
ang mga obra mong lubhang napabantog
Florante at Laura'ng inspirasyong lubos
ay gintong panitik na 'di matatapos.

Ang mga bakas mo ay tataluntunin
ang iyong panitik, ay paniningningin
ikaw ang huwaran sa panitik na angkin
walang kamatayan ang iyong tulain.

Sa dako paroon aming itatanghal
pamanang tulain sa bansang minahal
tatak Pilipino nitong panitikan
na sariling ating hindi mapaparam.

COVID O COpit?

Sa gitna ng krisis dito sa'ting bayan
dumating ang virus nang bigla-biglaan
daming nagkagulo, hindi magkamayaw
maraming natakot, ayaw pang mamatay.

Paanong di gayon ay sobra ng bagsik
ang dala na virus nito ngang si Covid
ngunit mas matindi gawa nitong ganid
ang virus na COVID ngayo'y naging "CO-PIT"

Kaya naman pala, eh binawasan daw
ang perang pambili, bigay kay Mang Juan
ang itlog at toyo na maiuulam
nang siya'y unuwi eh itlog na lamang.

Na-COPIT din pala ng bunsong si Tukmol
ang barya ng ama duon sa pantalon
kaya pala siya ay patalon-talon
eh naka-COPIT na ang walang'yang mokong.

At meron pang ibang istorya ng COPit
na nangyari daw sa ating paligid
sinuman, anuman kung di ko masambit
KAYO AY MAG-INGAT sa COpit at COVID.

COVID-19

(Parusa o Paalala)

Sa pusod ng inang bansa kapagdaka ay dumating
sinalot mo ang lipunan, nagbabanta iyong lagim
ilang buhay pa nga kaya yaong nais mong kitilin?
Hanggang kailan ka tatagal, hanggang saan aabutin?

Oo, kaming mga tao, tao rin ang pinagmulan
sa kawalang pag-iingat, o sadyang bang katakawan?
Kung ikaw man ay parusa, tatagal ba hanggang kailan?
Kaming ito'y humihibik sa Diyos sa kalangitan.

Kung ikaw ay paalala, kami nama'y nagsisisi
humihingi ng patawad sa nagawang di mabuti
umaasang patawarin, at maligtas nawa kami
at buhay na masagana, nawa yaon ang maani.

Oh, mahabagin naming Diyos, ika'y tunay na Dakila
ika'y Diyos ng pag-ibig, punong-puno nitong awa
parusa man o panganib, iligtas mo kami nawa
iligtas mo Panginoon, itong mahal naming bansa!

KUNG SAKALI...

(Ngunit Huwag Naman Sana)

Para sakin kung matanto nang duktor na matalino
na sa virus nga pong Covid, ako raw ay positibo
kung pwede ko na sabihin, kung may pagkakataon ako
hindi ako mahihiyang IPAGTAPAT ANG TOTOO.

Upang yaong mga tao na akin pong nakaharap
mga mahal ko sa buhay, katrabahong nakausap
kaibigan, kapitbahay MABATID ANG NARARAPAT
upang yaong Covid19 ay hindi na po kumalat.

Kung malaman ng maraming ako pala'y isang carrier
kung positive agad ako, ako'y magpapa-quarantine
ANG MAHAWA ANG MARAMI AY DI KO NA NANAISIN
di kaya nang konsensya ko na magkalat pa ng lagim.

Pagkutya o panlilibak sa akin ay okey lamang
titiisin ko ang sakit sa isip at kalooban
KAHIT MAGING ISANG ZOMBIE SA PANINGIN NG SINUMAN
akin pa ring sasasabihing "Ako'y inyo nang iwasan".

At kung sadyang walang lunas, sa duktor ay hihilingin
na ang buhay kong tinaglay, ang gawin ay "Mercy Killing"
pagkatapos ang bangkay ko, agad-agad na sunugin
UPANG HINDI NA KUMALAT ang virus na Covid19.

SILANG MGA BUWIS-BUHAY...

(Sa Mga Frontliners)

Walang hihigit pa sa pagkadakila
na ihandog ng tao buhay n'ya sa kapwa
gaya ng kay Jesus na kaniyang ginawa
nag-iwan ng aral na kahanga-hanga!

Sa panahon ngayong laganap ang salot
at ang bansa natin ay naghihikahos
daming kababayang buhay inihandog
upang ang marami kanilang magamot.

Silang mga Doktor, Nurses at iba pa
ay mga bayaning lingkod nitong masa
kayrami nang buhay ibinuwis nila
buhay niyong kapwa ay nais isalba.

May hihigit pa bang dapat na purihin?
Kundi ang dakila na ganyang tungkulin
sariling pamilya ay nagtitiis rin
tagal ng panahong hindi nakapiling.

Anong pag-ibig ba sa kanila'y ganti?
Kundi ang pagdamay at laksang papuri
ang kadakilaang hindi mabibili
na sila'y itulad sa mga bayani.

Sa mahal na Diyos tayo'y manalangin
sila ay ingata't laging pagpalain
bansa nating mahal nawa ay gumaling
tuluyang maligtas dun sa covid19.



Unang Lathala, Abril 2020
Siyudad ng Cabanatuan
Lalawigan ng Nueva Ecija